大阪府
Prepektura ng Osaka

# Mga Alituntunin ng Prepektura ng Osaka tungkol sa mga hakbang para sa mga dayuhang nakatira sa Japan

**(Binagong edisyon ng Marso 2023)**

Sa Prepektura ng Osaka, binalangkas ang "Mga Alituntunin ng Prepektura ng Osaka tungkol sa mga hakbang para sa mga dayuhang nakatira sa Japan" at komprehensibong isinusulong ang mga hakbang para sa mga dayuhang nakatira sa Japan.
Itinatala ng mga alituntuning ito ang pangunahing direksyon para sa komprehensibo at sistematikong pagtataguyod ng mga hakbang para sa mga dayuhang nakatira sa Japan upang makamit ang layunin.



©2014 "*Mozuyan*" ng Prepektura ng Osaka

**Layunin**

Ang pagbuo ng isang lipunan kung saan iginagalang ng lahat ng tao ang dignidad at karapatang pantao ng bawat tao, kinikilala ang mga pagkakaiba sa nasyonalidad, etnisidad, atbp., at namumuhay nang sama-sama.

**Pananaw**

1) Pagbuo ng lipunan kung saan iginagalang ang karapatang pantao
2) Pagbuo ng lipunan kung saan maaaring mamuhay nang sama-sama habang pinapanatili ang kaniya-kaniyang kultura
3) Pagbuo ng lipunan kung saan maaaring mamuhay nang may kapayapaan ng isip bilang isang residente ng lokal na komunidad

## < Mga pangunahing direksiyon ng mga hakbang para sa mga dayuhang nakatira sa Japan at ang patutunguhan ng mga hakbang na ito >

### 1 Pagpapabuti ng pagtaas at pagbibigay-liwanag sa kamalayan ng paggalang sa mga karapatang pantao

| | |
|---|---|
| Pagpapabuti ng kamalayan ng mga residente ng Prepektura at pagsulong ng pag-unawa sa isa't isa | Upang maalis ang pagkiling at diskriminasyon laban sa mga dayuhan, isusulong ang epektibong pagtuturo gamit ang iba't ibang media.<br>Itataas ang kamalayan tungkol sa pag-sugpo ng "hate speech". |
| Paghiling sa bansa ng bagong residence management system | Hihilingin sa bansa na tratuhin ang mga permanenteng residente na may mataas na antas ng katatagan katulad ng pagtrato sa mga espesyal na permanenteng residente. |

### 2 Pagpapabuti ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pamumuhay at ng sistema ng konsultasyon

| | |
|---|---|
| Pagpapabuti ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pamumuhay | Gamit ang ICT, sisikaping magbigay ng impormasyong naaayon sa mga pangangailangan at rehiyon ng mga dayuhang nakatira sa Japan |
| Pagpapabuti ng sistema ng konsultasyon | Pagsulong ng pagtugon sa iba't ibang wika ng iba pang serbisyo ng konsultasyon kasabay ng pagpapabuti ng sistema ng "Konsultasyon para sa mga Dayuhan" ng Osaka Prefecture Foundation of International Exchange (OFIX). |
| Paglalagay ng mga karatula ng impormasyon | Isusulong ang paglagay ng mga karatulang maiintindihan ninuman sa mga pasilidad na pagmamay-ari ng prepektura, mga istasyon ng tren at iba pang pasilidad na pampubliko. |
| Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pag-aaral ng wikang Hapon | Sisikaping magbigay ng suporta sa pamamagitan ng pamamahagi ng impormasyon ayon sa pangangailangan ng mga nag-aaral ng wikang Hapon. |

### 3 Pagpapabuti ng mga sistema ng serbisyong medikal, kalusugan, at welfare para sa kapayapaan ng isip

| | |
|---|---|
| Pagpapabuti ng sistema para sa malusog na pamumuhay | Gagawa at maglalabas ng listahan ng mga medikal na institusyon na tumatanggap ng mga dayuhang pasyente.<br>Magtatatag ng call center na magbibigay ng serbisyong pagsasalin at magtatalaga ng mga medical interpreter. |
| Pagtugon sa oras na kumalat ang nakakahawang sakit | Isusulong ang pagtugon sa mga konsultasyon at pamamahagi ng impormasyon tungkol sa nakakahawang sakit sa iba't ibang wika. |
| Pagsulong ng paggamit ng Welfare Service | Gagawa ng pamphlet sa wikang dayuhan tungkol sa Welfare Service at ipapaalam ang impormasyon tungkol dito. |
| Paghiling sa bansa na pabutihin ang legal na sistema, atbp. | Hihilingin sa bansa na magbigay ng hakbang na tutulong sa mga dayuhang naninirahan sa Japan na hindi kwalipikadong tumanggap ng pambansang pensiyon ayon sa sistema nito. |

### 4 Pagpapabuti ng sistema ng suporta sa oras ng sakuna para maprotektahan ang kaligtasan

| | |
|---|---|
| Suporta sa pamamagitan ng pamamahagi ng impormasyon atbp. | Mamahagi ng impormasyon sa pag-iwas sa sakuna sa iba't ibang wika o sa simpleng Hapon bago pa man magkaroon ng sakuna. |
| Paglagay ng sistema patungo sa mabisang paghatid ng impormasyon | Magtatag ng "Multilingual Disaster Support Center ng Prepektura ng Osaka" kapag nagkaroon ng malaking sakuna, at mabisang iparating ang impormasyon sa sakuna sa iba't ibang wika. |
| Suporta sa mga evacuation center | Sa tulong ng OFIX, kumuha at magsanay ng mga boluntaryong tagapagsalin sa oras ng sakuna. |

### 5 Pagpapabuti ng suporta sa pabahay at paghanap ng trabaho kung saan maaaring mamuhay nang panatag ang kalooban

| | |
|---|---|
| Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pabahay atbp. | Magbibigay ng impormasyon tungkol sa mga pribadong paupahang bahay na hindi tumatanggi sa dahilan ng pagiging dayuhan, at impormasyon tungkol sa mga organisasyong nagbibigay ng ng konsultasyon kaugnay ng paghahanap ng tirahan. |
| Pagbibigay ng kaalaman kaugnay sa pagtatrabaho | Sikaping magbigay ng suporta na detalyadong pagpapayo sa paghahanap ng trabaho.<br>Tuturuan ang mga kumpanyang tumatanggap ng mga dayuhang empleyado tungkol sa mga dapat alalahanin tulad ng kaalaman sa mga batas na may kaugnayan sa pagtrabaho at pagkakaiba sa wika at kultura, atbp. |

### 6 Pagpapabuti ng edukasyon para sa pang-internasyonal na pag-unawa at edukasyon ng mga dayuhang nakatira sa Japan

| | |
|---|---|
| Pagsasanay sa komunikasyon at pagpapabuti ng edukasyon para sa pang-internasyonal na pag-unawa | Kasabay ng pagsulong ng edukasyon tungkol sa internasyonal na pagkakaunawan ayon sa kasalukuyang sitwasyon ng mga kabataan at estudyante, at ng komunidad, sasanayin ang kanilang kakayahang makipag-usap upang lalong mapalalim ang pagkakaunawan ng bawat isa. |
| Pagpapalawak ng pagkakataon na makipaghalubilo | Palawakin ang pagkakataon kung saan maaaring makipaghalubilo ang mga tao sa mga kabataan at estudyante mula sa ibang bansa at mga dayuhan sa komunidad. |
| Pagpapapabuti ng edukasyon para sa mga dayuhang nakatira sa Japan | Para sa mga kabataan at estudyanteng galing sa ibang bansa o kabataan at estudyanteng Hapon na bumalik, mamahagi ng impormasyon sa iba't ibang wika tungkol sa sistema ng pagpili ng mga estudyanteng papasok sa senior high school at tungkol sa buhay-paaralan sa Japan at magsagawa ng indibidwal na konsultasyon.<br>Sisikaping magkaroon ng sapat na pagkakataon para makapag-aral ang mga batang dayuhan. |

| 7 Pagsulong sa paglahok sa mga aktibidad ng komunidad at pamahalaan | |
|---|---|
| Suporta para makalahok sa mga aktibidad ng komunidad at pamahalaan | Susuportahan ang mga mga aktibidad ng komunidad at lipunan upang aktibong makalahok ang mga dayuhang residente. |
| Pagsulong sa pagtra-trabaho ng mga international na estudyante | Magbigay ng suporta sa paghahanap ng trabaho atbp. sa pamamagitan ng pakikipag-kooperasyon sa mga institusyong pang-edukasyon, mga kumpanya atbp. |
| Pagsulong sa pakikilahok sa mga aktibidad ng pamahalaan | Aalamin ang opinyon ng mga dayuhang nakatira sa Japan sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng pagsisiyasat, public comment atbp. at susubukang idagdag ito sa mga hakbang.<br>Sisikaping magtalaga ng mga miyembro ng komite tulad ng deliberation council atbp. kung saan kabilang rin ang mga dayuhang residente. |

# Abiso tungkol sa Pamamahagi ng Impormasyon sa Wikang Dayuhan at mga Serbisyo ng Konsultasyon

## Ukol sa pangkalahatang serbisyo ng pamahalaan kaugnay sa pamumuhay
## Website ng Prepektura ng Osaka

https://www.pref.osaka.lg.jp/index.html — Serbisyo ng pamahalaan

日本語、English、한국어、简体中文、繁體中文、Tiếng việt、bahasa Indonesia、Português、ภาษาไทย、Español、Français、Deutsch、Italiano

May mga impormasyong ipinamamahagi sa pamamagitan ng X (dating Twitter), Facebook, LINE, Instagram, mga video at iba pang SNS at e-mail newsletter.

### Ukol sa residential status, pagtatrabaho, pagpapagamot, welfare, edukasyon at ibapang aspeto ng pamumuhay
## Osaka Information Service for Foreign Residents (One-stop Consultation Counter)

https://www.ofix.or.jp/life/japanese/ — Consultation counter

日本語、English、한국어、中文、Tiếng việt、Filipino、नेपाली、bahasa Indonesia、Português、ภาษาไทย、Español

May mga impormasyong ipinamamahagi sa pamamagitan ng mga video.

## Ukol sa mga literacy/klase ng wikang Hapon
## Center For Adult Learning, Literacy & Japanese as a Second Language

https://call-jsl.jp/ — Klase ng wikang Hapon

日本語、English、한국어、中文、Tiếng việt、Filipino、नेपाली、bahasa Indonesia、Português、ภาษาไทย、Español

## Ukol sa pagpapagamot ng sakit, sugat atbp.
## Osaka Medical Network for Foreigners

https://www.mfis.pref.osaka.jp/omfo/ — Paggamot

日本語、English、한국어、简体中文、繁體中文、Tiếng việt nam、Tagalog、Português、Español

## Ukol sa pag-iwas sa sakuna, suporta sa oras ng sakuna
## Osaka Disaster Prevention Net; Disaster Prevention Info mail

https://www.osaka-bousai.net/ — Impormasyon tungkol sa sakuna

日本語、English、한국어、简体中文、繁體中文、Tiếng việt、Tagalog、Português、Español

## Ukol sa kapanatagan ng loob tungkol sa tirahan
## Osaka Anshin Housing Promotion Council

http://osaka-anshin.com/support_foreigner/#tab2 — Tirahan

日本語、English、한국어、中文、Tiếng việt、Tagalog、नेपाली、bahasa Indonesia、မြန်မာဘာသာ、Português、ภาษาไทย、Español、ភាសាខ្មែរ

## Ukol sa suporta para sa buhay-paaralan at hinaharap ng mga bata
## Impormasyon tungkol sa suporta sa buhay-paaralan ng Prepektura ng Osaka

https://www.pref.osaka.lg.jp/shochugakko/kikokutoniti-sapo/gakkousapo-to.html — Buhay-paaralan

日本語、English、한국어、中文、Tiếng việt、Filipino、नेपाली、bahasa Indonesia、Português、ภาษาไทย、Español、Русский、українська

OSAKA, KANSAI, JAPAN EXPO2025
©Expo 2025

Osaka Prefecture Department of Civic and Cultural Affairs, Human Rights Affairs Bureau
Inilathala noong Disyembre 2023
〒559-8555 Osaka-shi Suminoe-ku Nanko-kita 1-14-16
Osaka Prefectural Government Sakishima Building
(Sakishima Cosmo Tower) 38F
Telepono: 06-6210-9280　Fax: 06-6210-9286
Osaka Prefecture Human Rights Affairs Bureau website:
http://www.pref.osaka.lg.jp/s_jinken

Mga Alituntunin ng Prepektura ng Osaka tungkol sa mga hakbang para sa mga dayuhang nakatira sa Japan

[Website ng Prepektura ng Osaka]
https://www.pref.osaka.lg.jp/jinkenyogo/gaikokujinn/guideline2.html